

## Pagsasaling Wika

Naninindigan kaming gawing available ang impormasyon sa Programang Tulong Pinansiyal ng SJH sa mga komunidad na pinagsisilbihan namin sa paraan na madaling maunawaan.. Bilang karagdagan sa Ingles, ang pulyetong ito, ang Patakaran sa Tulong Pinansiyal ng SJH, at ang form para sa Aplikasyon sa Tulong Pinansiyal ng ay makukuha sa ibang wika kasama ang Espanyol. Nagbibigay din kami ng tulong sa pagkumpleto ng form ng aplikasyon sa mga ibang wika.. Mangyaring ipaalam sa pinansiyal na tagapagpayo kung kailangan mo ng tulong sa pagsasalin.

## Pagiging Kumpidensiyal

Nauunawaan namin na ang pangangailangan sa tulong pinansiyal ay maaaring sensitibo at napakapersonal na usapin para sa mga pasyente at mga pamilya nila. Naninindigan kaming panatiliin ang pagiging kumpidensiyal ng mga hiling sa tulong, ang impormasyong nakuha sa proseso ng aplikasyon at pagpopondo p pagtanggap sa tulong para sa lahat ng lumalahok sa aming programa.

## Aming Misyon

Sa St. Joseph Health bahagi ng misyon namin ay ang magbigay ng kalidad na pag-aalaga sa lahat ng aming mga pasyente, anuman ang kakayahan nilang magbayad.. Naniniwala kami na walang dapat mag-antala maghanap ng kailangang medikal na tulong dahil kulang sila sa pangkalusugang insurance o nag-aalala tungkol sa kanilang kakayahang magbayad para sa kanilang pag-aalaga. Ito ang dahilan kung bakit tayo may Programang Tulong Pinansiyal para sa mga nararapat na pasyente.

## Ano ang Programang Tulong Pinansiyal ng St. Joseph Health?

Ang Programang Tulong Pinansiyal ng St. Joseph Health (SJH) ay tumutulong na gawing makukuha ang ating mga serbisyo para sa pag-aalaga ng kalusugan ng lahat sa ating komunidad na ailangan ng agaran o medikal na kailangang pag-aalaga. Kasama dito ang mga tao na walang pangkalusugang insurance at hindi mabayaran ang singil ng ospial, pati na ang mga pasyente na may insurance pero hindi mabayaran ang bahagi ng singil sa kanila na hindi sinasaklawan ng insurance.

Sa ilang kaso, ang mga nararapat na pasyente ay hindi aatasang magbayad para sa mga serbisyo; sa iba, maaaring pagbayarin sila ng bahagya. Nililimita ng aming mga ospital ang anumang bayad ng mga indibiduwal na kuwalipikado sa tulong pinansiyal sa hindi hihigit sa mga halagang karaniwang sinisingil (AGB) sa mga indibiduwal na may Medicare.

Ang ibig sabihin ng mga Ospital ng SJH sa limitasyong ito ay ang halagang kinalkula sa paggamit ng proseso ng pagsingil na gagamitin ng ospital kung ang pasyente ay isang Medicare fee-for-service na benepisyaryo. Tinutumbasan ng AGB ang halagang ni-reimburse ng Medicare at ang halaga na responsable ang pasyenteng bayaran kung siya ay benepisyaryo ng Medicare sa anyo ng mga kabahagi sa pagbabayad, kabahagi sa insurance at mga makakaltas.

Ang kuwalipikasyon para sa o laban sa tulong pinansiyal ay hindi makakaapekto sa karapatan ng pasyente na makakuha ng medikal na kailangan o pang-emergency na pag-aalaga.

Maaaring makahanap ng karagdagang impormasyon sa Programang Tulong Pinansiyal ng SJH sa aming website: [stjhs.org/our-programs/patient-financial-assistance](http://stjhs.org/our-programs/patient-financial-assistance).

**Santa Rosa Memorial Hospital**  
1165 Montgomery Drive, Santa Rosa, CA 95405 [stjoesonoma.org](http://stjoesonoma.org)

**Petaluma Valley Hospital** 400 North McDowell Blvd., Petaluma, CA 94954 [stjoesonoma.org](http://stjoesonoma.org)

**St. Joseph Hospital, Eureka**  
2700 Dolbeer Street, Eureka, CA 95501 [stjoehumboldt.org](http://stjoehumboldt.org)

**Redwood Memorial Hospital**  
3300 Renner Drive, Fortuna, CA 95540 [stjoehumboldt.org](http://stjoehumboldt.org)

**Queen of the Valley Medical Center**  
1100 Trancas Street, Napa, CA 94558 [thequeen.org](http://thequeen.org)

**St. Joseph Health**   
**Northern California**  
Isang Ministrong Tinaguyod ng Sisters of St. Joseph of Orange

# Pinansiyal Tulong Programa



**St. Joseph Health**   
**Northern California**  
Isang Ministrong Tinaguyod ng Sisters of St. Joseph of Orange



# Anong Tulong ang Mayroon?

## Libre o May Diskuwentong Pag-aalaga

Sa mga kuwalipikado, may libre o may diskuwentong pag-aalagang makukuha. Ang halaga ay may diskuwento ayon sa nadetermina ng kita ng pamilya mo kumpara sa Federal Poverty Level (FPL). Ang iyong pinansiyal na pananagutan ay hindi lalagpas sa AGB.\*

Kung ang kita ng pamilya mo ay:	At ikaw ay ...	Samakatuwid ...				
200% o mas mababa sa FPL,	Uninsured o Insured,	Wala kang babayaran.				
201% - 350% ng FPL,	Uninsured,	Babayaran mo lang ang porsiyento ng AGB batay sa sliding scale.				
	Insured,	Ang pananagutan mo ay batay sa bayad sa insurance ayon sa nakabalangkas sa ibaba:				
		<table border="1"> <thead> <tr> <th>Kung binayaran ng insurance ang ...</th> <th>Samakatuwid ...</th> </tr> </thead> <tbody> <tr> <td>Mahigit sa o katumbas ng halaga ng AGB,</td> <td>Wala kang babayaran</td> </tr> <tr> <td>Mas maliit sa halaga ng AGB,</td> <td>Babayaran mo ang kaibahan sa pagitan ng bayad sa insurance at ang halaga ng AGB.</td> </tr> </tbody> </table>	Kung binayaran ng insurance ang ...	Samakatuwid ...	Mahigit sa o katumbas ng halaga ng AGB,	Wala kang babayaran
Kung binayaran ng insurance ang ...	Samakatuwid ...					
Mahigit sa o katumbas ng halaga ng AGB,	Wala kang babayaran					
Mas maliit sa halaga ng AGB,	Babayaran mo ang kaibahan sa pagitan ng bayad sa insurance at ang halaga ng AGB.					
351% - 500%, ng FPL,	Uninsured,	Babayaran mo ang halaga ng AGB.				
	Insured,	Babayaran mo ang kaibahan sa pagitan ng bayad sa insurance at ang halaga ng AGB.				

\* Ang mga detalye kung paano kakalkulahin ang AGB ay mahahanap sa Patakarang sa Tulong Pinansiyal ng SJH na makukuha sa website ng ospital.

## Mga Makatwirang Plano sa Pagbabayad

Ang mga makatwirang plano sa pagbabayad ay makukuha ng mga kuwalipikadong aplikante na ang kita ng pamilya ay hindi lagpas sa 350% ng Federal Poverty Level. Ang Patakarang ng Programang Tulong Pinansiyal ng SJH ay naglalaman ng higit pang impormasyon sa mga makatwirang plano sa pagbabayad at proteksiyong binibigay sa iyo sa ilalim ng Mga Patakarang sa Patas na Pagpepresyo ng Ospital sa California.

Para sa higit pang mga detalye sa pagiging kuwalipikado sa libre o may diskuwentong pag-aalaga, o makatwirang plano sa pagbabayad, makipag-ugnay sa financial counselor sa **(707) 525-5228** o pumunta sa aming website sa **stjhs.org**.

## Paano Mag-apply

Alam natin na nakaka-stress ang pagpunta sa ospital para sa ating mga pasyente at pamilya nila, kaya pinadadali namin at ginagawang kumbinyente ang pag-apply sa Programang Tulong Pinansiyal hangga't posible. Maaari kang mag-apply bago, habang o makalipas ang pagbisita mo.

### PAGKUHA NG APLIKASYON SA TULONG PINANSIYAL:

**Sa Koreo:** Tumawag sa financial counselor sa (707) 525-5228 para humiling na ang aplikasyon ay maipadala sa iyo sa koreo..

**Ikaw Mismo:** Kunin mula sa kinatawan ng departamento ng admitting sa ospital.

(Tingnan ang (mga) lokasyon ng ospital sa pulyetong ito.)

**Online:** I-download at i-print ang aplikasyon mula sa aming website: [stjhs.org/our-programs/patient-financial-assistance](http://stjhs.org/our-programs/patient-financial-assistance).

### PUNAN ANG APLIKASYON:

Kung may mga tanong ka o kung kailangan mo ng tulong sa pagkumpleto ng aplikasyon, mangyaring bumisita sa departamento ng admitting ng ospital o tumawag sa **(707) 525-5228** at hilinging makipag-usap sa isa sa aming mga financial counselor.

### ISUMITE ANG APLIKASYON KASAMA ANG LAHAT NG HINILING NA DOKUMENTO:

**Sa Koreo:** Ipadala ito sa address na nakalista sa aplikasyon.

**Ikaw Mismo:** Ibigay sa kinatawan sa departamento ng admitting ng ospital.

## Sino ang Nararapat?

Kung pasyente ka, o taong responsable sa singil sa ospital ng pasyente, maaaring nararapat ka sa aming Programang Tulong Pinansiyal kung matutugunan mo ang mga sumusunod na gabay:

### Kung wala kang pangkalusugang insurance:

- Hindi ka kuwalipikado sa tinaguyod ng pamahalaan na mga programa sa pangkalusugang insurance, tulad ng Medicare, Medi-Cal, California Health Benefit Exchange o ibang programang pagsasaklaw sa kalusugan na pinondohan ng estado o county.
- Ang kita ng pamilya mo ay mas mababa sa 500% ng Federal Poverty Level.

### Kung mayroon ng pangkalusugang insurance, (kasama ang Medicare):

- Hindi mo mababayaran ang bahagi mo ng singil na hindi sinasaklawan ng iyong insurance.
- Ang kita ng pamilya mo ay mas mababa sa 500% ng Federal Poverty Level.